Filipino

# Tunay na tulong.
# Ngayon din.



# Ang $100 Power Saving na Bonus: Paano mag-apply

Nagbibigay ng tulong na ibinatay sa tunay na halaga ng pamumuhay sa mga taga-Victoria na higit na nangangailangan nito.

Ang Pamahalaang Victoria ay nagbibigay ng tunay na tulong sa mga taga-Victoria na nangangailangan nito upang matugunan nila ang halaga ng pamumuhay at mapagaan ang mga singil sa enerhiya sa pamamagitan ng bagong $100 Power Saving Bonus.

Mula ika-25 ng Agosto 2025, ang mga kwalipikadong may hawak ng concession card ay maaaring mag-apply para sa Bonus sa pamamagitan ng pagbisita sa website ng Victorian Energy Compare, habang tinitiyak nilang makukuha ang pinakamagandang alok ng enerhiya.

Ang Victorian Energy Compare ay isang libre at independiyenteng website na pinamamahalaan ng gobyerno upang maging madali ang paghambing sa mga inaalok na serbisyo sa kuryente, gas at solar. Sa pamamagitan ng paggamit sa website upang regular na magsuri at magpalit ng mga plano sa enerhiya, ang mga taga-Victoria ay makakatipid nang malaki sa kanilang mga gastos sa enerhiya.

Hindi mo kailangang lumipat sa ibang plano ng enerhiya para maging kuwalipikado para sa $100 Power Saving Bonus. Gamitin lang ang website upang ihambing ang mga available na plano - ito ay mabilis, madali, at maaaring makatulong sa iyong makahanap ng mas magandang deal.

## Ang $100 Power Saving Bonus

Ang $100 Power Saving Bonus ay isang one-off na pagbabayad na idinisenyo upang tulungan ang mga karapat-dapat na sambahayan na pamahalaan ang mga singil sa enerhiya sa taglamig at mapagaan ang mga bigat ng gastos sa pamumuhay.

Sa pamamagitan ng paggamit sa website ng Victorian Energy Compare para mag-apply, maaari kang makatuklas ng mga bagong matitipid - at makatanggap ng $100 na Bonus habang ginagawa mo ito.

## Pagiging marapat

Upang maging karapat-dapat, ang mga sambahayan ay kailangang:

- May kamakailang bill sa kuryente sa tirahan
- May hawak na isa sa mga sumusunod na concession card:
  - Kard ng Pangangalagang Pangkalusugan (Health Care Card)
  - Kard na Konsesyon ng Pensiyonado
  - Kard na Konsesyon ng Pensiyonado mula sa Veterans' Affairs
  - Gold Card mula sa Veterans' Affairs

Isang kabayaran lamang sa bawat sambahayan ang makukuha.

### Paano mag-apply

Upang mag-apply, bisitahin ang website ng Victorian Energy Compare (compare.energy.vic.gov.au) o mag-apply gamit ang telepono (**1800 000 832**) o nang personal sa pamamagitan ng isang kalahok na Neighborhood House.

VICTORIAN ENERGY COMPARE

VICTORIA State Government

# **Tunay na tulong.** Ngayon din.

## Ang magagawa ng Victorian Energy Compare para sa iyo:

- Inihahambing nito ang mga available na alok sa iyong kasalukuyang plano para makita mo kung mas mataas o mas mababa ang mga ito.
- Hinahanap nito ang bawat alok sa merkado mula sa bawat kumpanya ng enerhiya sa Victoria.
- Ipinapakita nito sa iyo ang mga alok ng green energy at mga solar feed-in tariff.
- Gumagamit ito ng mga datos na partikular sa iyong sambahayan o negosyo upang makapagbigay ng pinakamahusay na impormasyon.

**1** **Hanapin ang iyong pinakahuling singil sa kuryente (electricity bill).**

**2** **BIsitahin ang compare.energy.vic.gov.au**

**3** **I-enter ang iyong impormasyon at hanapin ang pinakamahusay na mga alok.**

### Magkumpara at makatipid

Ang mga taong gumamit ng website ng Victorian Energy Compare sa buong 2024 ay nakatipid ng mahigit sa $240 sa pamamagitan ng paglipat sa mga alok na may pinakamagandang presyo.

### Residensyal at Maliit na Negosyo

Ang Victorian Energy Compare ay mayroong lahat ng pangkaraniwang available na mga alok ng enerhiya para sa mga consumer ng enerhiya na residensyal at maliliit na negosyo.

### 17.5% diskwento

Ang mga may hawak ng concession card ay maaaring makakuha ng 17.5% na diskwento sa kanilang mga singil sa kuryente sa buong taon at mga singil sa gas sa taglamig (Mayo - Oktubre).

Ang website ng Enerhiya ng Pamahalaang Victoria ay nagbibigay ng impormasyon tungkol sa gawain namin sa industriya at komunidad, upang bumuo ng ligtas at napapanatiling enerhiya para sa hinaharap ng Victoria.



**Bisitahin ang** energy.vic.gov.au/households

© Ang Kagawaran ng Enerhiya, Kapaligiran at Aksyon para sa Klima ng Estado ng Victoria Agosto 2025

**ISBN** 978-1-76176-554-4 **(Print)**
**ISBN** 978-1-76176-555-1 **(pdf/online/MS word)**

**Pagtatatwa**
Ang publikasyong ito ay maaaring makatulong sa iyo ngunit ang Estado ng Victoria at ang mga empleyado nito ay hindi ginagarantiyahan na ang publikasyon ay walang anumang uri ng kamalian o ganap na naaangkop para sa iyong partikular na mga layunin at samakatuwid ay tinatanggihan ang lahat ng pananagutan para sa anumang pagkakamali, pagkawala o iba pang kahihinatnan na maaaring sanhi ng iyong pagsalalay sa anumang impormasyon sa publikasyong ito.

Para sa tulong sa mga wika na maliban sa Ingles, makipag-ugnay sa Translating and Interpreting Services (TIS) sa 131 450.

VICTORIA State Government

2052